# KAPASIYAHAN BLG. 2026-58

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 3, H-2025 NG BARANGAY NG MALAWAK, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA MILYON, LIMANG DAAN WALUMPU'T TATLONG LIBO, DALAWANG DAAN APATNAPU'T WALONG PISO (₱6,583,248.00)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Malawak para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng ₱6,583,248.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Malawak at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Barangay Malawak, ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 3, H-2025 ng Barangay Malawak, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Anim na Milyon, Limang Daan Walumpu't Tatlong Libo, Dalawang Daan Apatnapu't Walong Piso Piso (₱6,583,248.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-16 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Glicerio M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-16 ng Pebrero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim